REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 98-08**

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD NA NAGTATATAG NG PROGRAMANG "ISKOLAR NG BAYAN".**

**************************************************************************

Ipinanukala nina : **Kgg. Jaime R. Fresnedi**
**Kgg. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Rafael R. Arciaga**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Roman E. Niefes**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Rey E. Bulay**
**Kgg. Alejandro L. Martinez**
**Kgg. Artemio A. Simundac**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**

**************************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa itinatakda ng batas **[RA 7160 (5)(xi)]** , ang Sangguniang Panglungsod ay may kapangyarihang magtatag ng programang **"ISKOLAR NG BAYAN"** para sa mahihirap ngunit karapat-dapat na mga mag-aaral sa mga paaralang nasa hurisdiksiyon ng Lungsod o para sa mga mag-aaral na naninirahan dito;

**SAPAGKAT,** ang inaasam na pagsulong ng lungsod tungo sa kaunlaran ay higit na matatamo sa pamamagitan ng pagbibigay kaalaman o edukasyon sa mga mamamayan nito;

**SAPAGKAT,** isa sa panuntunan ng Pamahalaang Lungsod ay ang pagtataas ng antas ng pamumuhay at ang pagpapaahon sa kahirapan ng mga mamamayan ng Muntinlupa sa tulong ng libreng edukasyon para sa mga karapat-dapat na kabataan ng Lungsod;

**NGAYON, DAHIL DITO,** isinasabatas ng Sangguniang Panglungsod ang mga sumusunod:

**SEKSIYON 1.** Ang kautusang ito ay tatawaging **KAUTUSANG PANGLUNGSOD NA NAGTATATAG NG PROGRAMANG "ISKOLAR NG BAYAN;"**

**SEKSIYON 2.** Lahat ng mag-aaral na magtatapos ng **"HIGH SCHOOL"** na may grado na **walumpu't limang bahagdan (85%)** sa kabuuan (average) at walang mababa sa **walumpung bahagdan (80%)** sa bawat **"subject"** ay pinagkakalooban ng libreng pag-aaral sa **Muntinlupa Polytechnic College (MPC);**

**SEKSIYON 3.** Ang mga mag-aaral na naka-enroll na sa **Muntinlupa Polytechnic College (MPC)** ay maaari ring makatanggap ng katulad na benepisyo matapos makapasa sa "grade requirement" na isinasaad sa itaas;

**SEKSIYON 4.** Mga bagay na dapat ilahad.

a) Katibayan ng paninirahan sa Lungsod ng Muntinlupa sa pamamagitan ng pagpapatunay ng Punongbarangay, pagpapakita ng voters I.D. o anumang bagay na makapagpapatunay ng paninirahan.
b) Form 137
k) Income Tax Return ng mga magulang
d) Sinumpaang salaysay ng magulang kung hindi nagbabayad ng buwis;

**SEKSIYON 5.** Sa unang taon ng pagpapatupad ng Kautusang ito, ang bilang ng mga mag-aaral na maaaring tanggapin ng **Muntinlupa Polytechnic College (MPC)** ay hindi lalampas sa **dalawang daan (200)**. Ang mga aplikante ay dapat pumasa sa isang **"QUALIFYING EXAMINATIONS"** alinsunod sa panuntunan at pamantayang ipatutupad ng Kolehiyo.

**SEKSIYON 6.** Ang makapapasa sa mga panuntunang nakasaad sa ordinansang ito ay makapag-aaral sa anumang kursong bukas at ipinagkakaloob ng **Muntinlupa Polytechnic College (MPC)** na walang aalalahanin sa mga gastusin, tulad ng sumusunod:

a) School Fees
b) Tuition Fees
k) Matriculation Fees
d) Athletic Fees
e) Library Fees
g) Medical Fees
h) Laboratory Fees

**SEKSIYON 7.** Ang Ordinansang ito ay magkakabisa kaagad.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **16 Marso 1998, sa ginanap na ika-siyam (9th) na Regular na Sesyon.**

**SUMANG-AYON:**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**LIBAN :**

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kautusang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa : 3-25-98